# Pag-alaala kay Jesucristo sa Panahon ng Ating mga Paghihirap

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 122:8–9 at subukang isipin na kunwari ay direktang nakikipag-usap ang Diyos sa iyo tungkol sa mga sitwasyong kinahaharap mo at ng pamilya mo. Markahan ang mga pariralang itinuro Niya na mahalagang marinig mo. Maaari mong isulat ang mga naiisip at nadarama mo sa iyong study journal o sa mga banal na kasulatan.

Basahin ang Alma 7:11–12 at ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan. Isulat ang itinuturo ng mga ito tungkol sa Tagapagligtas na tumutulong sa iyo na mas maunawaan ang Doktrina at mga Tipan 122:8–9.



> Kapag iniisip ninyo kung gaano kasakit ang makakaya ninyong pagtiisang mabuti, alalahanin Siya. Pinagdusahan Niya ang pinagdurusahan ninyo upang malaman Niya kung paano kayo maiaangat. Maaaring hindi Niya alisin ang inyong pasanin, pero bibigyan Niya kayo ng lakas, kapanatagan, at pag-asa. Alam Niya ang daan. Ininom Niya ang mapait na saro. Tiniis Niya ang pagdurusa ng lahat.
>
> Kayo ay binubusog at pinapanatag ng isang mapagmahal na Tagapagligtas, na nakaaalam kung paano kayo matutulungan sa anumang mga pagsubok na inyong nararanasan. (Henry B. Eyring, "Sinubok, Napatunayan, at Pinino," *Liahona*, Nob. 2020, 97)

- Paano makatutulong sa iyo sa panahon ng iyong mga pagsubok na si Jesucristo ay "nagpakababa-baba sa kanilang lahat"? (Doktrina at mga Tipan 122:8). Sa iyong palagay, bakit Niya ginawa iyon?
- Anong iba pang mga banal na kasulatan ang naging makabuluhan sa iyo nang dumanas ka ng mga paghihirap?


# Pag-alaala kay Jesucristo sa Panahon ng Ating mga Paghihirap

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 122:8–9 at subukang isipin na kunwari ay direktang nakikipag-usap ang Diyos sa iyo tungkol sa mga sitwasyong kinahaharap mo at ng pamilya mo. Markahan ang mga pariralang itinuro Niya na mahalagang marinig mo. Maaari mong isulat ang mga naiisip at nadarama mo sa iyong study journal o sa mga banal na kasulatan.

Basahin ang Alma 7:11–12 at ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan. Isulat ang itinuturo ng mga ito tungkol sa Tagapagligtas na tumutulong sa iyo na mas maunawaan ang Doktrina at mga Tipan 122:8–9.





> Kapag iniisip ninyo kung gaano kasakit ang makakaya ninyong pagtiisang mabuti, alalahanin Siya. Pinagdusahan Niya ang pinagdurusahan ninyo upang malaman Niya kung paano kayo maiaangat. Maaaring hindi Niya alisin ang inyong pasanin, pero bibigyan Niya kayo ng lakas, kapanatagan, at pag-asa. Alam Niya ang daan. Ininom Niya ang mapait na saro. Tiniis Niya ang pagdurusa ng lahat.
>
> Kayo ay binubusog at pinapanatag ng isang mapagmahal na Tagapagligtas, na nakaaalam kung paano kayo matutulungan sa anumang mga pagsubok na inyong nararanasan. (Henry B. Eyring, "Sinubok, Napatunayan, at Pinino," *Liahona*, Nob. 2020, 97)

- Paano makatutulong sa iyo sa panahon ng iyong mga pagsubok na si Jesucristo ay "nagpakababa-baba sa kanilang lahat"? (Doktrina at mga Tipan 122:8). Sa iyong palagay, bakit Niya ginawa iyon?
- Anong iba pang mga banal na kasulatan ang naging makabuluhan sa iyo nang dumanas ka ng mga paghihirap?


ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_423-1